


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 40 Kilos ng Paggalang at Pagsunod



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 40: Kilos ng Paggalang at Pagsunod
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Prescilla P. Capisnon
Editor:	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib
Tagasuri:	Elizabeth M. Ysulan, Ponciano G. Alngog, Prudenciana D. Mallari, Jezzine F. Salar, Judith E. Ecoben, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion
Tagaguhit:	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat
Tagalapat:	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Ivan Paul V. Damalerio
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno, Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa:

Department of Education - Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 40:
Kilos ng Paggalang at Pagsunod**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Naipamamalas ang pagsunod at paggalang sa pamamagitan ng pagpapakita ng iba't ibang kilos tulad ng pagmamano sa mga nakatatanda, paggamit ng “po” at “opo”, pagpapaalam bago umalis at pagsunod sa mga tuntunin o batas na ipinanukala ng mga taong may awtoridad tulad ng guro, pulis, mga opisyaes sa pamayanan at iba pa.

Bilang isang mamamayan ikaw ay inaasahang magpamalas ng mga angkop na kilos bilang tanda ng pagsunod at paggalang sa awtoridad at nakatatanda sa iyo. Inaasahan din na sa iyong pagpapamalas ng paggalang at pagsunod ay maimpluwensyahan at mahihikayat ang iyong kapwa kabataan o nakababatang kapatid na magpakita rin ng mga kilos ng paggalang at pagsunod.

Sa modyul na ito ay malilinang mo ang kasanayang pampagkatuto na:

1. Naisasagawa ang mga angkop na kilos ng pagsunod at paggalang sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad at nakaiimpluwensiya sa kapwa kabataan na maipamalas ang mga ito. (EsP8PB-IIIId-10.4)



Subukin

Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Paano natututunan ng bata ang paggalang at pagsunod sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad?
 - A. Likas itong natututunan mula pa sa pagkabata.
 - B. Namamana ang ganitong gawi sa mga nakatatanda.
 - C. Kung nagpapakita ang bata ng kaniyang interes na matuto.
 - D. Nalilinigang ang pag-uugali mula sa pagtuturo ng iba't ibang institusyong panlipunan.
2. Anong pagpapahalaga ang dapat na pagyamanin upang maisapuso ang pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad? Pagiging:
 - A. Masinop sa lahat ng kilos at gawain.
 - B. Pagkamalikhain at ipakita ito bilang talento.
 - C. May pagpapahalaga sa mga turo ng magulang at sa mga batas na ipinatutupad.
 - D. Masipag sa mga gawaing pangkabuhayan upang makatulong sa mga magulang sa paghahanapbuhay.
3. Paano naipapakita ang paggalang sa awtoridad ngayong pandemya?
 - A. Pagpupuna sa kanilang mga batas na ipinapatupad dahil hindi ka makalabas ng bahay.
 - B. Hindi pagsusuot ng face mask kapag lumalabas ng bahay.
 - C. Paggawa ng mga ipinapatupad na *protocols* upang maiwasan ang pagkalat ng *virus*.
 - D. Hindi pagpansin sa mga paalalang ibinibigay dahil hindi ka naman maaapektuhan nito.
4. Maliit pa lamang si Francis, tinuruan na siya ng kaniyang magulang na tumawag ng ate sa kaniyang panganay na kapatid na si Lily. Anong pagpapahalaga ang itinanim sa isipan ni Francis ng kanyang magulang?
 - A. kabutihan at kabaitan sa kapwa
 - B. pagsunod at pagsasagawa ng kilos
 - C. paggalang at pagsunod sa nakatatanda
 - D. pag-aaral at pagpapalawak ng kaalaman

5. Iniidolo ng mga kabataan si Minerva bilang SK Chairwoman sa kanilang barangay. Maliban sa pagiging palakaibigan, mahusay rin niyang ginagampanan ang kaniyang tungkulin. Kapalit naman nito ang aktibong kooperasyon ng mga kabataan sa mga gawain ng kanilang organisasyon. Paano nakaimpluwensya ang kilos ni Minerva sa kapwa kabataan?
 - A. Maraming kabataan ang humanga kay Minerva dahil sa kagandahan nito.
 - B. Palautos si Minerva kaya naging masunurin sa kanya ang mga miyembro garupo ng kabataan na kaniyang pinamumunuan.
 - C. Ang pakikipagkaibigan ng mga kabataan kay Minerva kapalit ng pagiging palakaibigan nito sa kanila.
 - D. Ipinakita ni Minerva ang paglilingkod nang may kahusayan sa kanyang tungkulin para sa kapakanan ng mga kabataan.

6. Paano maisasagawa ang mga kilos na nagpapakita ng paggalang?
 - A. pagtawag sa pangalan ng nakatatanda
 - B. pagmamano sa ama, ina at iba pang nakatatanda
 - C. pagbati ng “hi” sa mga nakakasalubong na matanda
 - D. ipinagsasawalang bahala ang mga payo ng magulang

7. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng paggalang sa kapwa kabataan?
 - A. Aktibo si Randy sa pagtulong sa mga gawain ng mga kabataan kapag nandoon ang kaniyang kasintahan.
 - B. Masikap sa pagsasanay ng kaniyang talento si Shiela upang mapaunlad pa ang sarili at hindi na siya umasa sa iba.
 - C. Nagpapahalaga sa mabubuting gawi na ipinakikita ng kapwa kabataan at pakikiisa sa mga gawain ng Sangguniang Kabataan.
 - D. Laging nakikipagsabayan ang magkaibigang Dexter at Margie sa uso na ginagawa ng kabataan.

8. Paano maipamamalas ang kilos nagpapakita ng paggalang sa awtoridad?
 - A. Ipaglalaman ang dignidad ng pagkatao.
 - B. Malayang maipahayag ang mga kamalian.
 - C. Tinutupad nang may kondisyon ang mga kautusan.
 - D. Nakikiisa at laging sumusuporta sa mga mabubuting programa at proyekto.

9. Sinisikap ng mag-asawang sina Rodolfo at Clara na turuan ang kanilang mga anak ng angkop na kilos upang lumaking mabuting mamamayan ang mga ito. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng angkop na kilos na ito?
 - A. Sumusunod sa mga utos ang mga anak ayon sa sariling kagustuhan lamang nila.
 - B. Mahilig sa pamamasyal nang sama-sama sa iba’t ibang lugar ang mga anak nina Rodolfo at Clara.
 - C. Sama-sama at laging magkakasabay sa oras ng pagkain ang pamilya nina Rodolfo at Clara kung masarap ang nakahain sa mesa.
 - D. Palagiang paggamit ng po at opo sa pakikipag-usap ng mga anak nina Rodolfo at Clara sa kanilang mga magulang at nakatatanda.

10. Alin sa sitwasyon ang nakakaimpluwensya sa mga kabataan ng pagsunod sa mga magulang at nakatatanda?
- A. Masigasig ang mag-asawang Arnel at Rita na turuan ng mabubuting gawi ang kanilang mga anak at pagpapakita ng pagiging modelong magulang sa mga ito.
 - B. Higit na pinahahalagahan ni Ronie ang itinuro ng kaniyang mga guro kaysa sa itinuro ng kaniyang mga lolo at lola para mabigyan siya ng mataas na grado.
 - C. Anak ng isang pulitiko si Myrna kaya kailangan niyang maging magalang sa mga nakakasalamuha na matatanda.
 - D. Bilang punong barangay, naging prinsipyo na ni G. Reyes na maging matapat sa kaniyang tungkulin.
11. Pinara at pinahinto ng *traffic enforcer* si Ana dahil nakagawa ito ng paglabag sa batas trapiko. Sa halip na makipag-away at magyabang, humingi siya ng paumanhin. Anong kilos ang ipinamalas ni Ana?
- A. pakikipagtalo sa awtoridad
 - B. pakikipag-areglo sa *traffic enforcer*
 - C. paggalang sa batas na ipinapatupad ng awtoridad
 - D. pagsasawalang bahala sa kasalanang nagawa
12. Hindi biro ang ginagawa ng mga kinauukulan upang malutas ang mga suliranin dala ng COVID-19. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng pagsunod ng mamamayan sa awtoridad?
- A. Hindi pagsuot ng *face mask* kahit saan pumunta.
 - B. Sumusunod sa mga batas na ipinatutupad kapag may nakakakitang awtoridad.
 - C. Manatili sa bahay hanggang ipinatutupad ang *community quarantine*.
 - D. Makipagkaibigan sa mga doktor para may madaling malalapitan sa oras ng pangangailangan.
13. "Igalang mo ang iyong ama at ina". Alin sa mga sitwasyon ang nagpapamalas ng pinakaangkop na kilos ng pahayag?
- A. Kung kailan inuutusan ay saka lamang kikilos.
 - B. Tumutupad sa mga utos ng magulang kung may kapalit.
 - C. Sinusunod nang buong paggalang ang mga turo ng magulang.
 - D. Malugod na sinusunod ang utos ng mga magulang kung may gustong hilingin sa kanila.
14. Ang pagmamalasakit sa mga nakatatanda ay pagpapakita ng paggalang. Alin sa mga sumusunod ang angkop na kilos ng paggalang sa nakatatanda?
- A. Ipaubaya na lang sila sa DSWD.
 - B. Hindi nakikialam sa nais nilang gawin.
 - C. Paggabay sa matandang tumatawid sa kalsada.
 - D. Pag-aalaga ni Dino sa isa sa kanyang mga lolo na laging nagbibigay ng pera sa kaniya.

15. Ang inyong punong barangay ay nagpanukala ng isang malawakang *clean-up drive*. Dahil panahon ng pandemya, ang may edad na 18-50 taong gulang na mamamayan ng barangay ang pinapayagang makiisa sa paglilinis ng kapaligiran. Ano ang maaaring gawin ng mga mamamayan na hindi maaaring lumabas upang maipakita ang pagsunod at pakikiisa sa utos ng awtoridad?
- A. pagbibingi-bingihan sa napakinggang panukala
 - B. paglabas ng bahay upang pumunta sa mga pasyalan
 - C. ipagwalang bahala dahil sa mas importante ang pansariling Gawain
 - D. unahin munang linisin ang sariling bakuran

Aralin

1

Kilos ng Paggalang at Pagsunod

“Ang kabataang magalang sa magulang at sa kapatid ay di nagiging lapastangan sa mga taong may awtoridad”

- Confucius


Ngayon, subukin sa **Balikan** ang natutunan sa nakaraang modyul upang hindi ka mahirapan sa pag-unawa sa konseptong tatalakayin sa panibagong aralin.



Balikan

Gawain 1: Hinuha Ko

Panuto: Gamit ang *graphic organizer*, buoin ang mahalagang konsepto na nahinuha mula sa mga nagdaang gawain. Gawin ang pagsagot sa iyong kwaderno.



Gawain 2: Ganito Ako sa Kanila

Panuto

- A. Gamit ang talaan, isulat ang tatlong bagay na ipinag-uutos ng iyong magulang, nakatatanda, at awtoridad. Batay sa mga utos na iyong isinulat, ano sa palagay mo ang maaaring maging bunga ng pagsunod at di-pagsunod sa mga ito? Punan ang sumusunod na talaan.

<u>Magulang</u> <u>Mga Utos</u>
1. _____
2. _____
3. _____

<u>Magulang</u> <u>Bunga ng Pagsunod</u>
1. _____
2. _____
3. _____

<u>Magulang</u> <u>Bunga ng Di Pagsunod</u>
1. _____
2. _____
3. _____

<u>Nakatatanda</u> <u>Mga Utos</u>
1. _____
2. _____
3. _____

<u>Nakatatanda</u> <u>Bunga ng Pagsunod</u>
1. _____
2. _____
3. _____


<u>Nakatatanda</u> <u>Bunga ng Di Pagsunod</u>
1. _____
2. _____
3. _____

<u>May Awtoridad</u> <u>Mga Utos</u>
1. _____
2. _____
3. _____

<u>May Awtoridad</u> <u>Bunga ng Pagsunod</u>
1. _____
2. _____
3. _____

<u>May Awtoridad</u> <u>Bunga ng Di Pagsunod</u>
1. _____
2. _____
3. _____

- B. Itala sa iyong kwaderno ang mga mahahalagang pangyayari na naganap sa iyong ibinahagi at ang mga sagot sa sumusunod na tanong:
- Ano ang iyong nararamdaman kung nasusunod mo ang ipinag-uutos sa iyo? kung di mo nasusunod ang mga ipinag-uutos sa iyo? Ipaliwanag.
 - Ano ang mga bagay na maaaring maging hadlang sa iyong pagsunod? Ipaliwanag.
 - Bakit mahalaga ang paggalang at pagsunod sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad?



Suriin

Isang matibay na batayan ng bawat tao ang kaniyang mataas na pagkilala sa magulang – ang mahalín, igalang at sundin ang kanilang mabubuting turo.

Ang pagmamano sa mga magulang at sa mga nakatatanda ay maituturing na katangi-tanging gawi ng mga Pilipino. Ang kilos na ito ay isang tanda ng paggalang sa magulang at nakatatanda dahil nangangahulugan ito ng mataas na pagpapahalaga sa magulang. May iba pang angkop na kilos sa pagsunod at paggalang sa magulang ito ay ang sumusunod:

- Isaalang-alang ang kanilang opinion, damdamin o pananaw.
- Mataas na pagkilala at pagpapahalaga sa kanilang pagiging magulang.
- Kung hindi sang-ayon sa gusto ng magulang, huwag maging bastos ang pagsagot dito. Kausapin sila nang mahinahon at magalang ukol sa di pagsang-ayon.
- Ugaliing magpasalamat sa magulang.
- Maging mapagkumbaba at iwasan ang pagiging mapagmataas.

Natatangi pa rin ang mga Pilipino kung paggalang at pagsunod sa mga nakatatanda ang pag-uusapan. Sa simula pa lamang, ang mga bata ay tinuturuang gumamit ng ‘po’ at ‘opo’ sa kanilang pakikipag-usap. Likas din sa ugaling Pilipino ang pagiging malapit sa mga nakatatanda lalo na sa mga lolo at lola. Ang pag-aasikaso at paglalambing sa kanila ay nagbibigay ng lubos na kaligayahan sa kanilang mga puso. Narito ang ibang angkop na kilos sa pagsunod at paggalang sa mga nakatatanda:


- Maging magalang sa pakikipag-usap.
- Ugaliing gumamit ng “po” at “opo.”
- Humingi ng payo kung kinakailangan.
- Tulungan sila ayon sa makakaya o kung kinakailangn.
- Isaalang-alang at unawain ang kakayahan nilang kumilos

Napakahalaga rin ang pagsunod at paggalang sa awtoridad. May katungkulan man sa pamahalaan o wala, maging ang pinakamataas na taong binigyan ng awtoridad ay nararapat na sumunod sa batas. Sa ganitong paraan, mapapanatili ang kaayusan, mapangangalagaan ang kapayapaan, disiplina at kapakanan ng mga tao. Halimbawa nito ay ang pagsunod sa panukalang magsuot ng *face mask* upang makaiwas sa COVID-19 ay nagpapahiwatig ng paggalang sa awtoridad. Narito ang ibang angkop na kilos sa pagsunod at paggalang sa may awtoridad:

- Palawakin ang isipan sa pag-unawa at pagsunod sa batas na ipinatutupad upang matiyak na maiingatan ang dignidad at maipaglalaman ang karapatan kung kinakailangan.
- Maging isang modelo at inspirasyon sa kapwa kabataan sa paggalang at pagsunod sa mga batas na ipinatutupad. Ang impluwensya nito ay malaking ambag sa ikabubuti at katiwasayan ng lipunang iyong kibibilangan.
- Magpahayag ng saloobin kung kinakailangan sa maayos na paraan at panatilihin ang paggalang sa awtoridad sa pamamagitan ng pakikipag-usap ng mahinahon.
- Makipag-ugnayan sa awtoridad kung kinakailangan o kung may nais imungkahi at isangguni.

Kung maisasagawa ang mga angkop na kilos na ito ay tiyak na mapapanatili ang matibay na ugnayan sa magulang, nakatatanda at may awtoridad. Ang pagsunod sa magulang, nakatatanda at aktibong pakikilahok sa mga gawaing pampamayanan ay mga simbolo na ang tao ay marangal.

Bilang kabataan kailangan natin na masunod at maisagawa ang mga angkop na kilos sa paggalang kahit sa mga simpleng bagay upang magsilbi tayong huwaran at makaimpluwensiya tayo sa iba pang kabataan na sundin at gawin din ang nararapat sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad sa lipunan.



Pagyamanin

Gawain 3: Paggalang, Tulain Mo!

Panuto: Gamit ang salitang “PAGGALANG”, bumuo ng akrostik na nagpapamalas ng pagsunod o paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad. Maaari mong gawing halimbawa ang akrostik sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

P- amilya ang ugat at dito sumibol
Respeto sa kapwa sayo’y dumadaloy

A- ral, payo, utos, sinusunod nang
maluwag
Sa lahat ng oras batas tinutupad

G- abay sa landasin ang mga magulang
Mga nakatatanda at may awtoridad

G- *olden Rule* ang katumbas ng bawat
salita
Ng mga magulang at nakatatanda

A- lalayan ang kapwa lalo na ang
kabataan
Tunay na batayan ng pagkamagalang

L- agi nang gumalang, maghasik ng buti
Maipagmalaki ng sariling lahi

A- te, kuya, anumang katawagan
Tatak Pilipino, tanda ng paggalang

N- ang mapabilang ka sa isang lipunan
May responsibilidad itong kaagapay


G- awa at kilos ang magpapatunay
Ng pagpapahalaga sa ganda ng buhay

Rubrik sa Pagbuo ng Akrostik – PAGGALANG

Kraytirya/ Puntos	Higit na inaasahan (4 puntos)	Nakamit ang inaasahan (3 puntos)	Bahagyang nakamit ang inaasahan (2 puntos)	Hindi nakamit ang inaasahan (1 puntos)
Pagtukoy ng mga taong iginagalang	Natukoy ang mga taong dapat iginalang batay sa paksa	Kulang ng isa ang pagtukoy sa mga taong dapat iginalang batay sa paksa	Kulang ng dalawa ang pagtukoy sa mga taong dapat iginalang batay sa paksa	Hindi malinaw ang pagtukoy sa mga taong dapat iginalang batay sa paksa
Nakapagbigay ng malinaw na aral o mensahe ng paggawa ng paggalang at pagsunod	Naipaliwanag ng malinaw ang aral o mensahe ng paggawa ng paggalang	Di-gaanong malinaw ang pagpapaliwanag ng mensahe ng paggawa ng paggalang	Hindi malinaw ang pagpapaliwanag ng mensahe ng paggawa ng paggalang	Walang pagpapaliwanag ng mensahe ng paggawa ng paggalang
Nakapagmungkahi ng paraan ng pagpapakita ng paggalang at pagsunod	Nakapagmungkahi ng apat o higit pang paraan ng pagpapakita ng paggalang	Nakapagmungkahi ng tatlong paraan ng pagpapakita ng paggalang	Nakapagmungkahi ng dalawang paraan ng pagpapakita ng paggalang	Isa lamang ang iminungkahing paraan ng pagpapakita ng paggalang

Gawain 4: A- K- B- Chart

Panuto: Punan ng mga angkop na kilos na isasagawa upang maipamalas ang pagsunod at paggalang, isulat din ang magiging bunga kung naipamalas mo ito sa magulang, nakatatanda at may awtoridad. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Rubrik sa Pagmamarka ng Sagot

Pamantayan	Napakahusay (3 puntos)	Mahusay (2 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (1 puntos)
Malinaw na naipahayag ang mensahe at kaisipan, ang tatak ng pagsunod at paggalang	Napakalinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa mga angkop na kilos sa pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at awtoridad.	Malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa mga angkop na kilos sa pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at awtoridad.	Hindi malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa mga angkop na kilos sa pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at awtoridad.
Malinaw na pagpapahayag ng paraan ng pagsasagawa ng kaisipan	Napakahusay at wasto ang mga paraang inilad sa pagsasagawa ng kaisipan.	Mahusay at wasto ang mga paraang inilad sa pagsasagawa ng kaisipan.	Di-gaanong wasto at angkop ang mga paraang inilad sa pagsasagawa ng kaisipan.
Kawastuhan at kaangkupan ng pagpapahayag ng magiging resulta ng kaisipan	Lahat ng pahayag ukol sa kaisipan ay wasto, angkop at matatamo.	May bahagyang kulang ng kawastuhan, kaangkupan ang ipinahayag na kaisipan.	Maraming kulang sa kaangkupan at kawastuhan ng pagpapahayag ng kaisipan.

Gawain 5: Kilos ng Pagmamahal!

Panuto: Punan ang bawat kolum ng talahanayan sa ibaba ayon sa hinihingi ng gawain. Gawin ang pagsagot sa iyong kwaderno.

Paraan ng Pagpapakita ng Paggalang sa Magulang, Nakatatanda at Awtoridad	Dahilan ng Pagsasagawa ng Paggalang sa Magulang, Nakatatanda at Awtoridad	Magiging Epekto




Isaisip

Gawain 6: Punan-Kaalaman!

Panuto: Kompletihin ang pahayag upang mabuo ang diwa ng pangungusap batay sa natutunan mo sa aralin. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

Maisasabuhay ko ang paggalang at pagsunod sa aking magulang, nakatatanda at awtoridad kung _____

Hihikayatin ko ang aking kapwa kabataan na isabuhay ang paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda at awtoridad sa pamamagitan ng _____



Isagawa

Gawain 7: Kilos Sarbey!

Panuto: Sa unang kolum, magtala ng limang gawain na nagpapakita ng paggalang at pagsunod na iyong isinasabuhay. Sa mga susunod na mga kolum, lagyan ng tsek (/) ang hanay kung kanino mo ipinapakita ang mga kilos. Sa huling kolum, ipaliwanag kung paano hihikayatin ang kapwa kabataan isabuhay ang gawaing ukol sa paggalang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mga Gawain na Nagpapakita ng Pagsunod at Paggalang	Magulang	Nakatatanda	Awtoridad	Paano hihikayatin ang kapwa kabataan



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Paano maipamamalas ang kilos nagpapakita ng paggalang sa awtoridad?
 - A. Ipaglalaban ang dignidad ng pagkatao.
 - B. Malayang maipahayag ang mga kamalian.
 - C. Tinutupad nang may kondisyon ang mga kautusan.
 - D. Nakikiisa at laging sumusuporta sa mga mabubuting programa at proyekto.
2. Sinisikap ng mag-asawang sina Rudolfo at Clara na turuan ang kanilang mga anak ng angkop na kilos upang lumaking mabuting mamamayan ang mga ito. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng angkop na kilos na ito?
 - A. Sumusunod sa mga utos ang mga anak ayon sa sariling kagustuhan lamang nila.
 - B. Mahilig sa pamamasyal nang sama-sama sa iba't ibang lugar ang mga anak nina Rudolfo at Clara.
 - C. Sama-sama at laging magkakasabay sa oras ng pagkain ang pamilya nina Rudolfo at Clara kung masarap ang nakahain sa mesa.
 - D. Palagiang paggamit ng po at opo sa pakikipag-usap ng mga anak nina Rudolfo at Clara sa kanilang mga magulang at nakatatanda.
3. Alin sa sitwasyon ang nakakaimpluwensya sa mga kabataan ng pagsunod sa mga magulang at nakatatanda?
 - A. Masigasig ang mag-asawang Arnel at Rita na turuan ng mabubuting gawi ang kanilang mga anak at pagpapakita ng pagiging modelong magulang sa mga ito.
 - B. Higit na pinahahalagahan ni Ronie ang itinuro ng kaniyang mga guro kaysa sa itinuro ng kaniyang mga lolo at lola para mabigyan siya ng mataas na grado.
 - C. Anak ng isang pulitiko si Myrna kaya kailangan niyang maging magalang sa mga nakakasalamuha na matatanda.
 - D. Bilang punong barangay, naging prinsipyo na ni G. Reyes na maging matapat sa kaniyang tungkulin.

4. Pinara at pinahinto ng traffic enforcer si Shirly dahil nakagawa ito ng paglabag sa batas trapiko, sa halip na makipag-away at magyabang ay humingi ito ng paumanhin. Anong kilos ang ipinamalas ni Shirly?
 - A. pakikipagtalo sa awtoridad
 - B. pakikipag-areglo sa traffic enforcer
 - C. paggalang sa batas na ipinapatupad ng awtoridad
 - D. pagsasawalang bahala sa kasalanang nagawa

5. Hindi biro ang ginagawa ng mga kinauukulan upang malutas ang mga suliranin dala ng COVID-19. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng pagsunod ng mamamayan sa awtoridad?
 - A. Hindi pagsuot ng face mask kahit saan pumunta.
 - B. Sumusunod sa mga batas na ipinatutupad kapag may nakakakitang awtoridad.
 - C. Manatili sa bahay hanggang ipinatutupad ang community quarantine.
 - D. Makipagkaibigan sa mga doktor para may madaling malalapitan sa oras ng pangangailangan.


6. “Igalang mo ang iyong ama at ina”. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapamalas ng pinakaangkop na kilos ng pahayag?
 - A. Kung kailan inuutusan ay saka lamang kikilos.
 - B. Tumutupad sa mga utos ng magulang kung may kapalit.
 - C. Sinusunod nang buong paggalang ang mga turo ng magulang.
 - D. Malugod na sinusunod ang utos ng mga magulang kung may gustong hilingin sa kanila.

7. Ang pagmamalasakit sa mga nakatatanda ay pagpapakita ng paggalang. Alin sa mga sumusunod ang angkop na kilos ng paggalang sa nakatatanda?
 - A. ipaubaya na lang sila sa DSWD
 - B. hindi nakikialam sa nais nilang gawin
 - C. paggabay sa matandang tumatawid sa kalsada
 - D. pag-aalaga ni Dino sa isa sa kaniyang mga lolo na laging nagbibigay ng pera sa kaniya

8. Ang inyong punong barangay ay nagpanukala ng isang malawakang *clean-up drive*. Dahil panahon ng pandemya, ang may edad na 18-50 taong gulang na mamamayan ng barangay ang pinapayagang makiisa sa paglilinis ng kapaligiran. Ano ang maaaring gawin ng mga mamamayan na hindi maaaring lumabas upang maipakita ang pagsunod at pakikiisa sa utos ng awtoridad?
 - A. pagbibingi-bingihan sa napakinggang panukala
 - B. paglabas ng bahay upang pumunta sa mga pasyalan
 - C. ipagwalang bahala dahil sa mas importante ang pansariling gawain
 - D. unahin munang linisin ang sariling bakuran

9. Paano natututunan ng bata ang paggalang at pagsunod sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad?
- Likas itong natututunan mula pa sa pagkabata.
 - Namamana ang ganitong gawi sa mga nakatatanda.
 - Kung nagpapakita ang bata ng kaniyang interes na matuto.
 - Nalilintang ang pag-uugali mula sa pagtuturo ng liba't ibang institusyong panlipunan.
10. Anong pagpapahalaga ang dapat na pagyamanin upang maisapuso ang pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad? Pagiging:
- Masinop sa lahat ng kilos at gawain
 - Pagkamalikhain at ipakita ito bilang talento
 - May pagpapahalaga sa mga turo ng magulang at sa mga batas na ipinatutupad
 - Masipag sa mga gawaing pangkabuhayan upang makatulong sa mga magulang sa paghahanapbuhay
11. Paano naipapakita ang paggalang sa awtoridad ngayong pandemya?
- Pagpupuna sa kanilang mga batas na ipinatutupad dahil hindi ka makalabas ng bahay.
 - Hindi pagsuot ng face mask kapag lumabas ng bahay.
 - Paggawa ng mga ipinatutupad na *protocols* upang maiwasan ang pagkalat ng *virus*.
 - Hindi pagpansin sa mga paalalang ibinibigay dahil hindi ka naman maaapektuhan nito.
12. Maliit pa lamang si Francis, tinuruan na siya ng kaniyang magulang na tumawag ng ate sa kaniyang panganay na kapatid na si Lily. Anong pagpapahalaga ang itinanim sa isipan ni Francis ng kanyang magulang?
- kabutihan at kabaitan sa kapwa
 - pagsunod at pagsasagawa ng kilos
 - paggalang at pagsunod sa nakatatanda
 - pag-aaral at pagpapalawak ng kaalaman
13. Iniidolo ng mga kabataan si Minerva bilang SK Chairwoman sa kanilang barangay. Maliban sa pagiging palakaibigan, mahusay rin niyang ginagampanan ang kaniyang tungkulin. Kapalit naman nito ang aktibong kooperasyon ng mga kabataan sa mga gawain ng kanilang organisasyon. Paano nakaimpluwensya ang kilos ni Minerva sa kapwa kabataan?
- Maraming kabataan ang humanga kay Minerva dahil sa kagandahan nito.
 - Palautos si Minerva kaya naging masunurin sa kaniya ang mga miyembro ng grupo ng kabataan na kaniyang pinamumunuan.
 - Ang pakikipagkaibigan ng mga kabataan kay Minerva kapalit ng pagiging palakaibigan nito sa kanila.
 - Ipinakita ni Minerva ang paglilingkod nang may kahusayan sa kanyang tungkulin para sa kapakanan ng mga kabataan.

14. Paano maisasagawa ang mga kilos na nagpapakita ng paggalang?
- pagtawag sa pangalan ng nakatatanda
 - pagmamano sa ama, ina at iba pang nakatatanda
 - pagbati ng “hi” sa mga nakakasalubong na matanda
 - ipinagsasawalang bahala ang mga payo ng magulang
15. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng paggalang sa kapwa kabataan?
- Aktibo si Randy sa pagtulong sa mga gawain ng mga kabataan kapag nandoon ang kaniyang kasintahan.
 - Masikap sa pagsasanay ng kaniyang talento si Shiela upang mapaunlad pa ang sarili at hindi na siya umasa sa iba.
 - Nagpapahalaga sa mabubuting gawi na ipinakikita ng kapwa kabataan at pakikiisa sa mga gawain ng Sangguniang Kabataan.
 - Laging nakikipagsabayan ang magkaibigang Dexter at Magrie sa uso na ginagawa ng kabataan.




Karagdagang Gawain

Gawain: Pagsulat ng Journal!

Panuto: Sumulat ng isang sanaysay patungkol sa sariling karanasan sa pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad na nakaimpluwensya sa kapwa kabataan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Rubriks sa Pagmamarka

Krayterya	Higit na inaasahan (4 puntos)	Nakamit ang inaasahan (3 puntos)	Bahagyang nakamit ang inaasahan (2 puntos)	Hindi nakamit ang inaasahan (1 puntos)
Nilalaman	Komprehensibo ang nilalaman ng teksto. Naibahagi ang karanasan at higit na nakaimpluwensiya sa kapwa kabataan	Kompleto ang nilalaman ng teksto. Nakapagbahagi ng 3 karanasan nakaimpluwensiya sa kapwa kabataan	May ilang kakulangan sa nilalaman ng teksto. May 2 karanasan ngunit hindi masyadong nakaimpluwensiya sa kapwa kabataan	Maraming kakulangan sa nilalaman ng teksto. Walang naibahaging karanasan at hindi nakaimpluwensiya sa kapwa kabataan
Organisasyon ng mga kaisipan	Organisado at may malinaw na kaisipan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Malinaw at maayos ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Hindi masyadong maayos at malinaw ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Walang kaayusan ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.
Kabuoang Iskor = 20				



Susi sa Pagwawasto

Tayahin
1. D
2. D
3. A
4. C
5. C
6. D
7. C
8. B
9. D
10. C
11. C
12. C
13. D
14. B
15. C

Subukin
1. D
2. C
3. C
4. C
5. D
6. B
7. C
8. D
9. D
10. A
11. C
12. C
13. C
14. C
15. B

Sanggunian

Aklat:

Bognot Regina Mignon C. et. 2013. *Edukasyon sa Pagpapakatao*.
Vival Publishing House Inc.
—. 2013. *Edukasyon sa Pagpapakatao*. Vival Publishing House Inc.

Hanguang Elektroniko:

Abello, J. 2021. *40 Ways to Respect Your Parents*. Accessed June 6, 2020.
<https://inspiringtips.com/ways-to-respect-your-parents/>.

n.d. *9 Ways to Honor and Respect Our Elders*. Accessed June 6, 2020.
<https://www.bayviewhealthcare.org/9-ways-honor-respect-elders/>.

Gupta, P. 2017. *5 Ways To Teach Children To Obey the Rules of Law*. February
15. Accessed June 6, 2020. <https://www.parentcircle.com/article/5-ways-to-teach-children-to-respect-law-and-authority/>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph